



KOMPREHENSIBONG ULAT SA SURVEY SA PANGANGASIWA NG NG 2020 NA HALALAN AT PAGBOTO

ISANG ULAT MULA SA
U.S. ELECTION ASSISTANCE COMMISSION
SA IKA-117 KONGRESO



Buod ng mga Pangunahing Puntos

Mula 2004, ang U.S. Election Assistance Commission (EAC o Komisyon sa Halalan) ay nagsasagawa ng Survey sa Pangangasiwa sa Halalan at Pagboto (Election Administration and Voting Survey, EAVS) pagkatapos ng bawat pangkalahatang halalang pampederal. Humihingi ang EAVS sa lahat ng 50 estado ng Estados Unidos, ang District of Columbia, at ang limang teritoryo ng Estados Unidos – American Samoa, Guam, ang Northern Mariana Islands, Puerto Rico, at ang U.S. Virgin Islands—na magbigay ng datos tungkol sa mga paraan ng pagboboto ng mga Amerikano at kung paano isinasagawa ang botohan. Mula 2008, ang proyektong ito ay nagsasama ng hiwalay na survey, ang Survey sa Patakaran sa Pangangasiwa ng Halalan (Election Administration Policy Survey, na tatawagin nating Policy Survey), na nangongolekta ng impormasyon tungkol sa mga batas, patakaran, at kaugalian sa halalan.

Ang EAVS ay nagbibigay ng pinakakomprehensibong pinagmumulan ng datos ng estado at lokal na nasasakupan tungkol sa pangangasiwa ng halalan sa Estados Unidos. Ang mga datos na ito ay may napakahalagang papel sa pagtulong sa mga opisyal ng halalan, mga policymaker (taga-gawa ng patakaran), at iba pang mga stakeholder ng halalan sa pagkilala sa kalakaran, sa paghula at pagtugon sa pabago-bagong pangangailangan ng botante, sa pamumuhunan ng mapagkukunan upang mapahusay ang pangangasiwa ng halalan at ang karanasan ng botante, at mas mabuting pagpapatatag ng imprastruktura ng halalan ng Estados Unidos. Pinahihintulutan ng datos ng EAVS na masuri ang mga detalye ng imprastruktura ng halalan ng Estados Unidos at makagawa ng pangkalahatang pag-unawa ng mga pinakamahalagang aspeto ng proseso ng halalan at ang mga pagsubok sa pamamahalang hinaharap ng mga opisyal ng halalan. Ang survey ay nagbibigay sa mga policymaker at sa publiko ng mahalagang impormasyon kada dalawang taon tungkol sa kung paano isinasagawa ang pampederal na halalan, at ito ay nakakatulong sa EAC na tuparin ang kautusan ng kongreso tungkol sa mga kinakailangan sa pag-uulat. Ang EAVS ay mahalaga rin sa mga opisyal ng halalan na gumagamit ng datos para pamahalaan ang mga pagkalingat sa halalan, magsagawa ng pagsusuri ng isyu at madiskarteng pagpapalano, at bumuo ng mga materyales sa pagsasanay at pang-promosyon. Ang EAC ay gumagamit din ng datos ng EAVS sa pagbubuo ng imbakan ng mapagkukunan ng ahensya ng impormasyon upang maisulong ang misyon ng ahensya at mapabuti ang pagsuporta sa mga opisyal ng halalan at botante kasama na rin ang pagbibigay-alam sa mga tagagawa ng batas at mga stakeholder ng bansa tungkol sa epekto ng batas sa halalang pederal at ang pabago-bagong eksena sa halalan sa Estados Unidos.

Ang pangkalahatang halalan noong 2020 ay matinding naapektuhan ng pandemya ng COVID-19. Ang pandemya at resultang emerhensya sa pampublikong kalusugan ay nangailangan ng maraming pagbabago sa pamamalakad sa halalan upang maisagawa ang pagdidistansya ng mga tao at bagalan ang pagkalat ng virus sa mga botante, opisyal, at kawani ng halalan. Bilang pagtugon, gumawa ng paraan ang maraming estado para pahabain ang panahon ng pagboboto sa mismong lugar ng botohan at pagboboto na ipapadala sa koreo bago mangyari ang Araw ng Halalan. Dahil ito ay kilala sa pagiging pinakakomprehensibong survey sa pangangasiwa ng halalan sa Estados Unidos, ang 2020 EAVS ay nagsisilbing talaan ng pambihirang pagsisikap ng mga opisyal at kawani ng halalan sa bansa upang siguraduhin na ang 2020 na halalan ay isinagawa sa isang ligtas at may seguridad na paraan. Para sa layuning ito, ikinagagalak ng EAC na i-presenta sa ika-117 na Kongreso ang ulat nito sa 2020 EAVS.

Detalyadong ipinapaliwanag ng ulat na ito kung paano isinagawa ang 2020 na pampederal na halalan at kung paano bumoto ang mga botante. Ang datos mula sa EAVS at sa Election Administration Policy Survey (Policy Survey) ay ginamit para magbigay ng pangkalahatang ideya sa mga sumusunod na aspeto sa proseso ng halalan:

- Kinalabasan, mga paraan ng pagboto, mga lugar ng botohan, mga kawani ng botohan, at pang-eleksyong teknolohiyang sakop sa Kabanata 1, “Pangkalahatang-ideya sa Pangangasiwa ng Halalan at Pagboto sa 2020 na Pangkalahatang Halalan”;



- Ang mahahalagang batas, alituntunin, patakaran, at pamamaraan na ipinapatupad sa halalan ng Estados Unidos ay sakop ng Kabanata 2, “Batas at Pamamalakad sa Halalan: Ang Policy Survey”;
- Ang pagrehistro ng botante at pagbantay sa listahan ay sakop ng Kabanata 3, “Pagrehistro ng Botante: Ang NVRA, atbp.”;
- Ang pagboto ng indibidwal na sakop ng Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act (UOCAVA o Batas sa Pagboto ng mga Sundalo at Mamamayang Nasa Labas ng Bansa) ay inilarawan sa Kabanata 4, “Pagboto ng mga Sundalo at mga nasa ibang bansa sa 2020: UOCAVA”; at
- Panghuli, tinatalakay ang paraan ng EAVS at isang paglalarawan ng mga tanong sa survey sa Kabanata 5, “Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Survey.”

Mga Natuklasan tungkol sa Pangangasiwa ng Pagboto at Halalan

Kinukumpirma ng 2020 EAVS na ang 2020 na halalan ay nakaranas ng pinakamataas na bilang ng bumoto sa pampederal na halalan na itinala ng EAVS sa ngayon, na may 67.7% ng balota ng populasyon ng mga botanteng mamamayan na nasa edad ng pagboto (Citizen Voting Age Population, CVAP) ang naibilang, na tumaas nang 6.7 porsiyentong punto mula sa 2016 na antas. Halos lahat ng estado ay nakaranas ng pagtaas sa bilang ng bumoto kumpara sa 2016 EAVS. At, higit sa 209 na milyong katao ay aktibong rehistradong botante para sa 2020 na pangkalahatang halalan, na nangangahulugan na pinakamataas na bilang hanggang ngayon, at higit sa 161 milyong botante ang nagsumite ng balota na ibinilang sa halalang iyan.

Nakaranas din ang halalang ito ng malawakang pagbabago sa pamamaraan ng pagboto ng mga botante. Noong 2016 EAVS, 54.5% ng botante ay bumoto nang personal sa lugar ng botohan sa Araw ng Halalan, at sa 2018 EAVS, 58.2% ng botante ang bumoto nang gayundin. Sa 2020, 30.5% lang ng botante ang bumoto sa lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Tumaas sa 43.1% ang porsiyento ng mga botante na bumoto sa koreo, halos 20-porsiyentong pagtaas mula sa 2016 na antas. Ipinapakita ng pagsusuri sa antas ng nasasakupan na ang pinakamalaking pagtaas ng bilang ng boto sa mga estado na nagsagawa ng bagong ganap na pang-koreong botohan sa 2020 at sa mga nasasakupan ng mga estadong nagtanggap ng pangangailangang magbigay ng dahilan kung bakit gustong bumoto sa koreo. Bagama’t ang kabuuang bilang ng botong ipinadala sa koreo noong 2020 ay higit pa sa doble ng bilang na isinumite noong 2016, ang porsiyento ng mga balota na ipinadala sa koreo na ibinalik ng botante, naibilang, at tinanggihan ay hindi nagbago nang lubusan sa pambansang antas.

Ang mga estado ay nag-ulat ng kabuuang 132,556 na lugar ng botohan kung saan 775,101 kawani ng botohan ay tumulong sa mga botanteng dumating para bumoto nang maaga at sa Araw ng Halalan. Ipinapakita rin ng datos ang pagbabago sa mga edad ng mga kawani ng botohan, kung saan ang porsiyento ng mga kawani ng botohan na nasa edad na 18 hanggang 25, at 26 hanggang 40, ay tumaas sa 6.2% at 15.0%, ayon sa pagkakabanggit, at ang porsiyento ng mga kawani ng botohan na nasa edad na 61 hanggang 70, at 71 pataas ay bumaba, sa 27.3% at 20.1%, ayon sa pagkakabanggit. Iniulat din ng mga kinauukulan na ang pangangalal ng kawani ng botohan ay naging mas madali noong 2020 kumpara noong 2016. Sa mga komento sa survey, ibinanggit ng maraming hurisdiksiyon ang epekto ng cross-cutting (pagsasama) sa kanilang pagsisikap sa recruitment. Iniulat ng mga kinauukulan na ang pandemya ng COVID-19 ang dahilan kung bakit mahirap panatilihin ang mga matagal na at mas matandang kawani ng botohan, at nagdulot ng mga huling minutong kakulangan sa kawani ng botohan, ngunit binanggit na ang pagsisikap ng EAC, opisina ng pang-estadong halalan, at ibang mga organisasyon na himukin ang mga kwalipikadong indibidwal na magsilbi bilang kawani ng botohan ay nakatulong sa pag-apaw ng mga kawani ng botohan sa ilang mga lugar.

Ang mga estado ay nag-ulat na ang paggamit ng mga electronic poll book (o e-poll book) ay tumaas mula noong 2018 EAVS, at 17 estado ang gumamit ng mga e-poll book sa lahat ng kanilang nasasakupan. Ang mga scanner at ballot marking device (BMD) ay patuloy na pinakamadala na gamiting uri ng kagamitang pamboto, at ang paggamit ng

direct-recording electronic (DRE o kagamitang pangtala) machine na walang voter-verified paper audit trail (DRE na walang VVPAT) ay patuloy ding bumaba. Noong 2020, 32 hurisdiksyon lang sa buong bansa ang gumamit ng mga makinaryang pamboto na walang papel na backup.

Mga Natuklasan ng Survey sa Patakaran sa Pangangasiwa ng Halalan

Upang mabigyan ng konteksto ang datos na inuulat ng mga estado sa EAVS, nangongolekta ang EAC ng impormasyon tungkol sa patakaran ng mga pang-estadong halalan. Dalawang-katlo (2/3) ng mga estado ay nag-ulat ng pagkakaroon ng mula taas-pababang sistema ng pagrehistro na isinasagawa sa isang sentrong plataporma o mainframe (kompyuter) na minementina ng estado sa pamamagitan ng impormasyong ibinibigay ng mga lokal na hurisdiksyon; ang natitirang isang-katlo (1/3) ng mga estado ay nag-ulat ng pagkakaroon ng mula baba-pataas o mga hybrid na database (pinagsamang uri ng database). Upang mapanatiling tumpak at kasalukuyan ang rehistro ng mga botante, maraming estado ang nag-ulat ng pagbabahagi ng impormasyon sa mga ahensiya ng sasakyan, mga tanggapan ng gobyerno na nagtatago ng talaan ng pagkamatay, at ahensiyang nagtatago ng talaan ng krimen o pagkakabilanggo. Ang porsiyento ng mga estadong nag-aalok ng parehong araw na pagrerehistro (pagrehistro sa mismong araw ng pagboto: 51.8%) at online na pagrerehistro (80.4%) ay tumaas mula noong 2018 na Policy Survey.

Ang Policy Survey nag-ulat din ng pagtaas sa patakarang pang-estado na naging dahilan ng mas ligtas na paraang maghulog ng balota o sa pagbawas ng mga pila at pagkukumpol ng mga botante sa mga lugar ng botohan. Noong 2020, mayroong 14 na estado ang nag-ulat ng halalan na isinasagawa sa koreo lang, kung saan lahat ng nakarehistrong botante o lahat ng aktibong nakarehistrong botante ay awtomatikong binigyan ng balota sa koreo—10 sa mga estadong ito ay nagsagawa ng halalan kung saan isinusumite sa koreo lang ang mga balota sa buong estado, samantalang apat sa mga estado ay ginawa lamang ito sa piling hurisdiksyon. Tumaas ito mula noong 2018 Policy Survey, kung saan tatlong estado ang nagsagawa ng halalan sa pamamagitan ng koreo lang at apat na estado ang nagsagawa ng halalan sa pamamagitan ng koreo lang sa piling lokal na hurisdiksyon. Bukod pa roon, ang 69.6% ng mga estado ay hindi inatas sa mga botanteng magbigay ng dahilan upang makaboto sa koreo (pitong estado na ang nagtanggap ng kautusang magbigay ng dahilan mula noong 2018 Policy Survey), at 51.8% ng estado ay nag-ulat na may mga sitwasyon kung saang makakatanggap ng elektronikong balota ang mga botante. Subalit, hindi nangolekta ang Policy Survey ng impormasyon kung ang pagbabago sa patakaran para sa 2020 na halalan ay permanente o pansamantala, o kung ang mga pagbabago ay ginawa bilang pagtugon sa pandemyang COVID-19.

Halos ang lahat ng estado ay nag-ulat na kinakailangang subukan muna at sertipikahin ang mga sistema ng pagboto bago aprubahan, na ang pinakakaraniwang pangangailangan sa pagiging sertipikado ay ang pagsubok ng isang voting system test laboratory (VSTL) na akreditado ng EAC, sertipikasyon ayon sa Voluntary Voting System Guidelines (VMSG) na pinagtibay ng EAC, at parehong pang-estado at pampederal na sertipikasyon. Noong 2020, sa 40 estadong nag-ulat na gumagamit ng mga e-pollbook, 55% doon ay nangailangan ng pagsusubok at sertipikasyon ayon sa pangangailangan ng estado bago bilhin ang mga e-poll book.

Sa panahon pagkatapos ng halalan, 78.6% ng mga estado ay nag-ulat na nangangailangan sila ng tabulation audit (pag-audit sa tabulasyon) upang patunayang gumagana nang wasto ang ginamit na pambotong kagamitan sa pagbilang ng balota. Sa mga estadong ito, tinatayang tatlong-kapat (3/4) ay nangailangan ng tradisyonal na pag-audit ng tabulasyon (na sumusuri ng sample ng mga balota mula sa nakapirming porsiyento ng sapalarang napiling distrito ng pagboto o makinarya ng pagboto), samantalang isa sa limang bahagi (1/5) ng mga estado ay nangangailangan ng risk-limiting tabulation audit (pag-audit sa tabulasyon na may mas kaunting panganib: kung saan estatistikong pamamaraan ang ginagamit sa pagpili ng dami na isasample sa audit). Iniuulat ng lahat ng estado ang pagkakaroon ng makinarya para sa pag-ulit ng bilang ng balota, ngunit ang mga kalagayan ng muling pagbilang ay naiiba sa bawat estado.



Mga Natuklasan tungkol sa National Voter Registration Act (NVRA)

Ipinapakita ng datos ng 2020 EAVS na ang bilang ng pagrehistro ng aktibong botante sa 2020 na halalan ay 88.2% ng CVAP, na kumakatawan sa pagtaas na 3.5 porsiyentong punto mula noong 2016 EAVS. Higit sa 103 milyong aplikasyon sa pagrehistro ng botante ang isinumite sa pagitan ng pagsara ng pagrehistro sa 2018 na halalan at sa pagsara ng pagrehistro para sa 2020 na halalan, na kumakatawan sa 33.8% pagtaas sa bilang ng aplikasyon sa pagpaparehistrong natanggap sa panahong papunta sa 2016 na halalan. Sa mga natanggap na aplikasyon sa pagpaparehistro, ang pinakakaraniwang resulta ay ang pagbabago sa kasalukuyang nakatalang rehistro ng botanteng hindi nagkaroon ng pagbabago ng address sa ibang hurisdiksiyon. Ang uring ito ng pagbabago ay bumubuo sa halos kalahati ng natanggap na aplikasyon para sa pagpaparehistro. Binubuo ng mga bago at may bisang rehistro na nagresulta sa pagbubuo ng talaan ng pagrehistro ng bagong botante sa loob ng nasasakupan ang halos isang-katlo ng natanggap na mga aplikasyon.

Tulad ng mga nakaraang proseso ng EAVS, ang mga kagawaran ng estado para sa mga sasakyang de-motor ay bumubuo sa pinakamalaking bahagi ng mga aplikasyon para sa pagpaparehistro na ito (39.3%). Ang pangalawang pinakakaraniwang pinanggagalingan ng mga aplikasyong ito ay ang online na pagpaparehistro, na bumubuo sa 28.2% ng mga aplikasyon. Ang online na pagpaparehistro rin ang may pinakamabilis na pagtaas sa lahat ng pinanggagalingan ng pagpaparehistro na sinubaybayan ng EAVS.

Ang 29 na estado at teritoryong pumapayag sa parehong-araw na pagrerehistro ng botante (same-day voter registration, SDR) ay nag-ulat na nakatanggap ng higit pa sa 1.6 milyong SDR noong panahon ng 2020 na halalan, halos doble ng bilang na natanggap noong 2018 EAVS. Pinahihintulutan ng SDR ang mga indibidwal na magrehistro para makaboto sa parehong araw kung kailan sila maghuhulog ng balota para sa halalan. Sa buong bansa, mas maraming SDR ang natanggap sa Araw ng Halalan kaysa sa mga natanggap noong mas maagang pagboto.

Alinsunod sa hinihingi ng NVRA, iniulat ng mga estado ang pagpapadala ng higit pa sa 28 milyong abiso ng pagkumpirma at pagtanggap ng higit pa sa 18 milyong talaan ng pagrehistro ng botante mula sa kanilang listahan ng rehistro ng mga botante sa pagitan ng pagsara ng pagrehistro sa 2018 na halalan at sa pagsara ng pagrehistro sa 2020 na halalan. Ang pinakakaraniwang dahilang ibinanggit sa pagtanggap ng talaan ng pagrehistro ng botante ay ang hindi pagtugon sa abiso ng pagkumpirma at hindi pagboto sa dalawang pinakamakailang pampederal na halalan, paglipat mula sa kinasasakupan kung saan nakarehistro ang botante, at ang pagkamatay ng botante.

Mga Natuklasan tungkol sa Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act (UOCAVA)

Ang mga estado ay nag-ulat ng pagpapadala ng higit pa sa 1.2 milyong balota sa mga botanteng saklaw ng UOCAVA (sundalo at mamamayang nasa ibang bansa) — isang populasyong binubuo ng mga sundalong wala sa kanilang lugar ng botohan, kanilang mga kamag-anak na maaaring bumoto, at iba pang mamamayan ng Estados Unidos na nakatira sa ibang bansa at tumatanggap ng espesyal na proteksyon sa ilalim ng pampederal na batas ng UOCAVA. Sa mga pinadalang balotang iyon, higit pa sa 900,000 ang isinaili ng mga botante at halos 890,000 ang binilang sa halalan.

Sa pagpapatuloy ng kalakarang nag-umpisa sa 2016 EAVS, noong 2020, ang mga mamamayang nasa ibang bansa ang bumubuo ng mas malaking bahagi ng populasyon ng UOCAVA kaysa sa mga sundalong miyembro at kanilang mga kamag-anak na maaaring bumoto. Noong 2020, ang mga mamamayang nasa ibang bansa ay bumubuo sa 57.4% ng nakarehistrong botante ng UOCAVA, at

ang mga sundalong miyembro ay bumubuo sa 42.3%. Tatlong estado—California, Florida, at Washington—ay ang bumuo ng medyo lampas sa 40% ng iniulat na nakarehistrong botante ng UOCAVA sa buong bansa.

Sa mga sundalong botante, ang pagpapadala sa koreo ang pinakamadalas na paraang naulat (bumubuo ng halos kalahati ng mga balotang ipinadala sa mga sundalong botante), habang ang mga mamamayang nasa ibang bansa ay mas madalas makatanggap ng kanilang balota sa email (bumubuo sa 70.9% ng balotang ipinadala sa mga mamamayang nasa ibang bansa).

Halos 98% ng balotang UOCAVA na isinauli ng mga botante ay iniulat na ibinilang, na may higit 2% lang ng isinauling balota ang iniulat na tinanggihan. Sa buong bansa, higit pa sa 33,000 Federal Write-In Absentee Ballots (FWAB o Pampederal ng balotang maagang ipinadala sa koreo dahil hindi makapunta sa lugar ng botohan ang botante) ay iniulat na natanggap. Ang dokumentong ito ay maaaring isumite ng botante ng UOCAVA bilang emergency backup na balota sakaling ang kanilang opisyal na balota ay hindi natanggap ng mga opisyal ng halalan sa oras ng bilangan. Pinayagan ng FWAB ang halos 24,000 botante ng UOCAVA na mabilang ang kanilang boto sa 2020 na halalan.



Ang ulat na ito ng U.S. Election Assistance Commission ay resulta ng isang kontrata na mangolekta at sumuri ng datos para sa Survey sa Pangangasiwa ng Halalan at Pagboto sa taong 2020. Ang kontratang ito ay isinagawa ng Fors Marsh Group LLC, isang kompanya ng pananaliksik para sa praktikal na pagpapairal na matatagpuan sa Arlington, VA.

Inilathala Agosto 2021

U.S. Election Assistance Commission

633 3rd Street NW, Suite 200

Washington, DC 20001

www.eac.gov